

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nakikipag-partner ang Lungsod ng Brampton sa RIC Centre and Communitech para mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 at muling pasimulan ang lokal na ekonomiya gamit ang rapid screening para sa maliit at katamtaman ang laki na mga negosyo

BRAMPTON, ON (Hunyo 9, 2021) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Lungsod ng Brampton na ang Economic Development Office nito, sa pakikipagtulungan sa Brampton Emergency Management Office, ay nakipagkatuwang sa RIC Centre and Communitech para magbigay sa maliit hanggang katamtamang laki ng mga negosyo sa Brampton ng libreng COVID-19 rapid screening kits. Tinawag na [StaySafe](#), ang programa ay tutulong sa pagpapabagal sa pagkalat ng COVID-19 at titiyak sa mabilis na pagbangon ng lokal na ekonomiya.

Ang rapid antigen screening ay isang mabilis na paraan para makatulong sa pagtukoy sa mga kaso sa COVID-19 na mga walang sintoma bago humantong ang mga ito sa outbreak sa lugar ng trabaho. Ang maagang pagtukoy sa walang sintomang mga indibidwal at mga indibidwal na hindi pa nagkaka-sintoma ay isang epektibong paraan ng paglimita sa pagkalat sa loob ng kapwa mga lugar ng trabaho at komunidad. Ang StaySafe ay nagbibigay ng access sa rapid screening kits para maibigay ng mga negosyo ang programa sa screening sa lugar ng trabaho.

StaySafe

Tinutustusan ng mga pamahalaang pederal at ng lalawigan, ang programang StaySafe ay libre para sa lahat ng negosyo na may mas kaunti sa 150 empleyado na hindi pwedeng magtrabaho mula sa bahay o pisikal na lumalayo habang nasa trabaho.

Ang rapid antigen point-of-care screening tests ay nagpapahintulot sa mga empleyado na i-test ang kanilang mga sarili bago pumasok sa trabaho at tingnan ang mga resulta ng nasabing test sa loob ng ilang minuto. Kung positibo ang isang empleyado, maipapadala sila ng employer sa pinakamalapit na COVID testing centre para sa mas nakakakumbinsing testing nang walang panganib na malantad ang ibang mga empleyado sa virus.

Bukas ang oportunidad sa mga organisasyon sa Brampton na may 150 o mas kaunting mga empleyado. Kinakailangan ang pagsasanay at pag-register para sa paglahok sa programang ito bago makuha ang unang order. Ang mga organisasyon ay [makakaalam sa higit pa tungkol sa programa at mag-sign up dito](#)

Ang mga negosyong may higit sa 150 empleyado ay pwedeng direktang mag-order mula sa [portal ng pamahalaan](#) ng Ontario

Pagbangon ng Ekonomiya

Sa ilalim ng [Unang Hakbang ng Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas](#), pinapayagan ang hindi mahalagang retail sa 15 porsyentong kapasidad, na walang paghihigpit sa mga panindang pwedeng ibenta. Habang naghahanda ang mga negosyo sa muling pagbubukas, ang rapid antigen testing

ay hindi lamang makakatulong sa pagprotekta sa mga manggagawa, ngunit makakatulong din ito sa mga residente ng Brampton na makaramdam ng kumpiyansa sa pagpasok sa mga lokal na negosyo.

Sa nakaraang taon, sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Brampton](#) bilang framework ng Lungsod sa pag-abante sa muling pagpapasimula ng lokal na ekonomiya. Nilalayan ng Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya na maghatid ng pagiging madaling nakakabangon at kompetitibong bentahe sa ekonomiya ng Brampton habang umaabante ito. Inorganisa ang estratehiya sa apat na cornerstone: Inobasyon, Teknolohiya at Entrepreneurship, na kinabibilangan ng mas mabuting suporta para sa mga entrepreneur at malilit na mga negosyo; Pamumuhunan; Sining, Kultura at Turismo; at Imprastruktura. Alamin ang mas marami pa sa www.brampton.ca

Mga Quote

“Nakaapekto nang malaki ang pandemya ng COVID-19 sa ating lokal na mga negosyo at komunidad ng kalakhang Brampton. Sa patuloy na pagtutulongan at paggamit sa lahat ng tool na available sa atin – paglayo mula sa iba, pagsusuot ng mga mask, pagsagawa sa mabuting kalinisan at pagsunod sa lahat ng pamamaraan ng public health, bukod pa sa rapid screening – mas mapapalapit tayo ng isang hakbang na makita ang mga taong na-miss natin, sa paglahok sa mga aktibidad na gustong-gusto natin at ligtas na makapag-enjoy sa kamangha-manghang mga negosyo ng Brampton. Nagpapasalamat ako sa ating mga partner sa RIC Centre and Communitech, at hinihikayat ang lahat ng maliliit at katamtamang laki na mga negosyo sa Brampton na i-secure ang inyong rapid test screening kits sa pamamagitan ng programang StaySafe.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang *Pagtutulongan* at positibong pag-iisip ay gaganap ng mahalagang papel sa ating pagsaliksik sa buhay nang ligtas habang lumilitaw tayo mula sa pandemya ng COVID-19. Sa pamamagitan ng ating pinagtutulongang pagsisikap kasama ang RIC Centre and Communitech at sa paggamit ng rapid testing para sa maliliit at katamtaman ang laki na mga negosyo, patuloy nating mapoprotektahan ang mga Bramptonian at ang ating dedicated na mga manggagawa sa Brampton, habang kumpiyansa nating sinusupportahan an ating mga lokal na negosyo.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Habang tayo ay umaabante mula sa mga epekto ng pandemya ng COVID-19, kailangang patuloy nating pagtuunan ang kaligtasan ng ating mga residente at mga panggagawa sa Brampton habang nagtutulongan na muling pasimulan ang lokal na ekonomiya. Hinihikayat ko ang lahat ng kaparat-dapat na mga kumpanya ng Brampton na kunin ang kanilang rapid screening kits sa pamamagitan ng programang StaySafe. Sa pamamagitan ng pag-una sa kaligtasan, tiwala at ligtas nating lahat na masuportahan ang ating mga lokal na negosyo.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development and Culture, Lungsod ng Brampton*

“Ang Staff sa Lungsod ng Brampton ay nananatiling committed sa pagpapanatili sa ating mga residente at mga manggagawa sa ating komunidad na ligtas habang sinusupportahan ang ating mga lokal na negosyo habang pumapasok tayo sa Unang Hakbang ng Strategic na Plano ng Lalawigan sa Muling Pagbubukas. Salamat sa ating mga partner sa RIC Centre and Communitech. Makakatulong ang mga rapid test na bumagal ang pagkalat ng COVID-19 sa ating komunidad, at matiyak ang pagbangon ng lokal na ekonomiya.”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

"Ipinagmamalaki ng RIC Centre na maging partner sa proyektong ito na naglalayon na tulungang protektahan ang mas marami pa sa ating komunidad. Ang programa nito na tulad ng StaySafe ay tumutulong na punan ang agwat sa pagitan ng pagbabalik sa pakiramdam ng pagiging normal at pananatiling ligtas habang ginagawa ito. Bilang tagapagpaganap ng inobasyon para sa pagbabago, inaantabayanan ng RIC Centre ang programang ito na maganap at hinihikayat ang lahat ng karapat-dapat na organisasyon na magpatala."

- Pam Banks, Executive Director, RIC Centre

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca